جمعية سبيلي

Jeddah Midwest Dawah Association

جمعية وسط وغرب جدة الأهلية

للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات



# PAANO MAGING ISANG MUSLIM

كيف تصبح مسلماً

اللغة الفلبينية

## PAANO MAGING ISANG MUSLIM?

Ang lahat ng pagpupuri ay ukol sa Allah, ang Panginoon ng sanlibutan. Nawa ang kapayapaan at mga pagpapala ng Allah ay mapasa kay Muhammad, ang Kanyang huling sugo.

Ang layunin ng babasahing ito ay upang ituwid ang isang maling palagay na ikinakalat duon sa mga sumasang-ayong tanggapin ang Islam bilang kanilang pananampalataya. Ang ilang tao ay may maling akala na ang pagpasok sa kapatiran ng Islam ay nangangailangan ng pagpapahayag mula sa taong nasasangkot sa harapan ng mga dalubhasang matataas ang tungkulin o mga pinuno o pag-uulat ng ganitong gawain sa hukuman o iba pang may kapangyarihan. Iniisip din ng iba na ang paraan ng pagtanggap sa Islam ay kinakailangang may katibayang kasulatan, bilang kasunduan, na ipinagkakaloob ng mga kinauukulan bilang patunay ng pagkakabisa nuon.

Nais naming linawin na ang pagpasok sa Islam ay napakadali at wala nitong mga patakaran o pananagutan na nabanggit ang kakailanganin. Dahil ang Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay lubos na nakakaunawa ng lahat at alam Niya ang lahat ng lihim ng mga puso. Gayunpaman, ang mga tatanggap sa Islam bilang kanilang pananampalataya ay pinapayuhan na itala ang kanilang mga sarili bilang mga Muslim sa kinauukulang sangay ng pamahalaan sapagkat sa ganitong kaparaanan ay magiging madali sa kanila ang maraming mga bagay, pati na ang pagkakataong magampanan nila ang Hajj (paglalakbay sa Makkah) at Umrah.

Sinuman ang may tunay na hangaring maging isang Muslim at may lubos siyang katiyakan at matatag na paniniwala na ang Islam ang tunay na pananampalataya na ipinag-utos ng Allah sa sangkatauhan, siya ay nararapat na magpahayag ng "Shahada," ang panunumpa sa pananampalataya, at hindi ito dapat na ipagpaliban. Ang Banal na Qur'an ay malinaw rito dahil ang Allah ay nagsasabi:

"Ang Relihiyon para sa Allah ay Islam." (Qur'an 3:19)

Sa isa pang talata ng Banal na Qur'an ay sinasabi ng Allah:

"Sinuman ang nagnanais ng isang pananampalataya maliban sa Islam (pagsuko sa kagustuhan ng Allah), kailanman ito ay hindi

tatanggapin sa kanya; at sa Kabilang- buhay, siya ay mapapasama sa hanay ng mga talunan (ang kanilang mga sarili sa Impiyernong apoy)." (Qur'an 3:85)

Bilang karagdagan, Islam ang siyang tanging pananampalataya na nananaig sa lahat ng mga ibang pananampalataya. Sinasabi ng Allah sa Banal na Qur'an:

"Ipinadala Namin sa inyo ang Kasulatan nang may katotohanan, nagpapatunay sa mga kasulatang nauna dito at pinangangalagaan ito....." (Qur'an 5:48)

Si Muhammad, ang Propeta ng Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah), ay nagsabi:

"Ang Islam ay itinayo sa lima (mga haligi): paninindigan na walang ibang Diyos (walang tunay na nararapat na sambahin) maliban sa Allah, at si Muhammad ang Sugo ng Allah; pagsasagawa ng panalangin (Salah); Kawanggawa (Zakah); pag-aayuno tuwing ika-9 na buwan (Ramadan); at pagsasagawa ng paglalakbay (Hajj)."

Ang Shahada ay maipapahayag sa pamamagitan ng mga sumusunod na kataga:

"ASH-HADU ANNA LAA ILAHA ILLALLAH,
WA ASH-HADU ANNA MOHAMMADAN
RASUL-ALLAH."

Ang pagkakasalin nito ay: "Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos (walang tunay na dapat sambahin) maliban sa Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay isang Sugo ng Allah."

Gayunman, hindi sapat na bigkasin lamang ninuman ang pagpapatunay na ito maging sa pansarili o sa madla man; kundi kailangan ay maniwala siya dito nang buong puso at may matatag na katiyakan at di-matitinag na pananampalataya. Kung ang isang tao ay tunay na tapat at sumusunod sa mga katuruan ng Islam sa kanyang buong buhay, matatagpuan niya ang kanyang sarili na tulad ng isang bagong silang.

Ito ang magtutulak sa kanya upang higit na magsikap upang mapabuti ang kanyang pag-uugali at mapalapit sa walang-kapintasan. Ang liwanag ng buhay-na-pananampalataya ang pupuno sa kanyang puso hanggang siya ay maging kaganapan ng kanyang pananampalataya.

Ano ang susunod matapos maipahayag ang sarili na isang Muslim? Pagkaraan ay kinakailangang malaman niya ang tunay na kaisipan o palagay na kinapapalooban ng kanyang sinumpaan na nangangahulugan ng Pagka-iisa ng Allah at makasunod sa mga alituntunin nito. Kailangan niyang kumilos nang naayon, isinasagawa ang tunay na pananampalataya sa lahat ng bagay na kanyang sinasabi o ginagawa.

Ano ba ang sinasagisag ng mga kataga ng "Shahada"? Ang pinakamahalagang punto na dapat malamang mabuti ng bawat Muslim ay ang katotohanan na walang ibang Diyos na nararapat na sambahin maliban sa Allah. Siya - luwalhati sa Kanya - ang tanging tunay na Diyos, na Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin, sapagkat Siya ang Tagapagbigay ng buhay, Tagapatuloy at Tagapangalaga ng sangkatauhan at lahat ng mga nilikha sa pamamagitan ng Kanyang walang-hanggang kasaganaan. Ang tao ay nararapat na sumamba sa Allah, na Siya lamang ang karapat-dapat sambahin.

Ang ikalawang bahagi ng Shahada, iyon ang "Wa ash-hadu anna Mohammadan abduhu wa Rasuluh" ay nangangahulugan na si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) ay alipin at piniling sugo ng Allah. Walang sinumang dapat magkaroon ng dalawang palagay tungkol sa bagay na ito. Sa katunayan, ang Muslim ay dapat na sumunod sa mga kautusan ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah), maniwala sa kanyang sinabi, magsagawa ng kanyang mga katuruan, umiwas sa kanyang ipinagbawal at sumamba sa Allah lamang ayon sa pahatid o mensaheng inihayag sa kanya, sapagkat ang lahat ng katuruan ng Propeta ay mga tunay na kapahayagan at inspirasyon na ipinabatid sa kanya ng Allah.

Ano ang kahulugan ng pagsamba? Ang simpleng kahulugan nito ay ang pagbibigay ng tapat na paglilingkod, pagpapakita ng paggalang para kay Allah. Sa pagtalos ng isang malalim na kahulugan nito, ito ay nagpapahiwatig ng ganap na pagsuko at lubos na pagkamasunurin sa mga kautusan ng Allah sa mga salita at gawa, maging ito man ay hayagan o hindi tuwiran (pagpapahiwatig).

Ang pagsamba ay may dalawang uri:

1. Nakikita (lantad o panlabas)
2. Di Nakikita (nakatago o panloob)

Ang nakikitang pagsamba ay kinabibilangan ng mga gawaing tulad ng pagbigkas ng dalawang bahagi ng "Shahada"; pagsasagawa ng mga panalangin; pagbibigay ng Zakah; pagbigkas ng Banal na Qur'an, mga pagsamo (mga kahilingan); pamimintuho sa Allah (SWT) sa pamamagitan ng pagpupuri sa Kanya; paglilinis ng katawan bago manalangin, at marami pang iba. Ang uri ng pagsambang ito ay kaugnay sa mga galaw ng mga bahagi ng katawan ng tao.

Ang di-nakikitang pagsamba ay ang maniwala sa Allah, sa Araw ng Paghuhukom (sa Kabilang-buhay), sa mga Anghel, sa mga Aklat ng Allah, sa mga Propeta ng Allah, sa Banal na Batas ng Tadhana (na ang kabutihan at kasamaan ay nasa pagpapasya ng Allah lamang). Ang uri ng pagsambang ito ay walang kinalaman sa galaw ng mga bahagi ng katawan ngunit ito ay katiyakang may timbang sa puso ng isang tao na nagkakabisa sa pamamaraan ng kanyang buhay.

Nararapat na itanim sa isip na anumang pagsamba na hindi inialay sa Allah lamang ay isang anyo ng polyteismo (maraming dinidiyos) na tatanggihan at ito ay magiging dahilan ng pagtalikod sa samahang Islam.

Ang susunod na hakbang para sa isang nagbalik-Islam ay ang linisin niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng hustong paligo. Pagkaraan nito, siya ay nararapat na magpasyang sundin ang mga simulain at alituntunin ng Islam nang ganap. Nararapat niyang itakwil ang lahat ng uri ng polyteismo at mga maling paniniwala. Kailangan niyang tanggihan ang kasamaan at maging matuwid. Ang ganitong pagtanggi sa kasamaan at pagiging matuwid ay isa sa mga palakad ng layuning Islam - ito ay "Laa Ilaha Illallah."

Ang Allah ay nagsasabi sa Banal na Qur'an: ".....sinuman ang tumanggi sa Taghut (mga huwad na diyos-diyosan) at naniniwala sa Allah ay nakahawak sa isang mapagkakatiwalaang hawak-kamay na hindi kailanman mabibitiwan." (Qur'an 2:256)

Kailangan nating isaalang-alang na kapag ipinahayag natin mula sa ating puso na "walang ibang diyos (panginoon) na karapat-dapat na sambahin maliban sa Allah," ito ay nagpapahiwatig sa ating

sarili ng pag-ibig, debosyon, pananalig at pagsunod sa mga patakaran ng batas ng Islam na umiiral sa lahat ng mga Muslim. Kinakailangan ng "walang ibang diyos na nararapat sambahin maliban sa Allah" ay ang magmahal alang-alang sa Allah at ang tumanggi alang-alang sa Allah.

Ito ang pinakamatatag na tanikala ng paniniwala na nagbibigay katuparan sa kahulugan ng "AL WALA" at "AL BARA." Ito ay nangangahulugan na ang isang Muslim ay dapat na magmahal at maging matapat sa kanyang mga kapatid na Muslim. Nararapat, bilang isang kaugalian, na ilayo niya ang kanyang sarili nang lubos sa mga hindi naniniwala at tumangging mapamayanihan nila, sa mga bagay na makamundo at sa pananampalataya.

Kami ay nagwawakas na kalakip ang isang abang panalangin sa Allah na nawa ay linisin Niya ang mga puso at kaluluwa ng mga tunay na naghahanap ng katotohanan at nawa ay pagpalain Niya ang pamayanan ng mga naniniwala. Aameen.

Ito ay isang sinusugang salin ng "HOW TO BECOME A MUSLIM" na naunang inihanda at inilathala ng Cooperative Office for Call and Guidance - Riyadh.

---

Para sa higit pang kaalaman tungkol sa Islam, maaari kayong makipag-ugnayan sa tanggapang makikita sa ibaba o sa pinakamalapit na samahang Muslim o tanggapan sa inyong bayan.

920008669
0558845030
www.jeddawa.sa
JedDawaSA
مسجلة في المركز الوطني لتنمية القطاع غير الربحي برقم ( ٣١٩٧ )
SA6780000223608010010008
SA0510000013149477000102